Kagawaran ng Edukasyon

Araling Panlipunan 9

Mga Salik na Nakakaapekto sa Suplay

Ikalawang Markahan – Ikaapat na Linggo

Zyra Nikka S. Indap

Manunulat

Grace B. Columbino

Tagasuri

Carol C. Monroid

Layout

Edwin C. Abalos

Mark Joseph C. Fernandez

Katibayan ng Kalidad

Schools Division Office – Muntinlupa City

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave., Brgy. Tunasan, Muntinlupa City

(02) 8805-9935 / (02) 8805-9940

INAASAHAN

Sa mga nakaraang aralin, tinukoy ang Presyo bilang isa sa mga salik na nakaapekto sa suplay. Sa paksang ito, masusuri pa natin ang iba pang mga salik na maaring magdikta ng dami ng produktong maisusuplay. Ang pagsusuri ng mga salik na ito ay mahalagang malaman upang higit na maging matalino sa paggawa ng desisyon ang mga prodyuser, at paano ang mga salik nakakaapekto sa suplay sa pang araw-araw na pamumuhay.

UNANG PAGSUBOK

PANUTO: Lagyan ng tsek **(✓)** ang kahon sa bawat bilang kung ito ay maituturing na salik na nakakakaapekto sa suplay at **(X)** kung hindi.

☐ 1. Binawasan ang chocolate chips sa tinitindang brownies ni Aviegail. Naiba ang dating recipe at nakaapekto ito sa kalidad ng lasa ng kanyang produkto.

☐ 2. Nagdagdag ng umento sa sahod ang may-ari ng pribadong paaralan.

☐ 3. Umuuso ang mga *baked sushi* kaya marami ang nagbebenta nito online.

☐ 4. Tumaas na ang sweldo ni Joyce kaya inilibre niya ang kanyang mga kaibigan.

☐ 5. Nagdagdag ng buwis ang pamahalaan sa mga produktong sigarilyo at alak para ilagay ang kita sa mga serbisyong pangkalusugan.

☐ 6. Nagdagdag ng bagong kagamitan sa pagluluto si Gianna para sa kanyang *online* karinderya para dumami ang kanyang maaring lutuing ulam na pagpipilian ng kanyang mamimili.

☐ 7. Mas piniling bumili ng margarina si Jace kaysa mantikilya dahil mas mura ito.

☐ 8. Ibinebenta sa halagang P20,000.00 ang isang *set* ng *desktop computer* na may diskwento sa *operating system* na *windows* at iba pang *softwares* na magagamit sa *online classes*.

☐ 9. Maraming bumili ng *face shield* alinsunod sa panibagong panukala ng *IATF on Emerging Infectious Diseases*.

☐ 10. May panibagong regulasyon ang Bureau of Plant Industry sa pagbebenta ng mga halaman na hindi sinang-ayunan ng mga “Plantito at Plantita”.

☐ 11. Bumaba ang presyo ng mga crop top kasi mas nauso naman ang mga football jerseys ngayon.

☐ 12. Maraming nawalan ng trabaho nang ipinasara ng pamahalaan ang ABS-CBN. Dahil dito, Wala ng malaking kakumpetensiya ang iba pang network sa pagbibigay serbisyong *broadcasting* sa bansa.

☐ 13. Bumaba ang presyo ng face mask sa pamilihan noong dumami ang mga nagbebenta nito.

☐ 14. Laging pautang at hindi sabsidiya ang ibinibigay ng pamahalaan sa mga magsasaka sa kanilang mga lupang sakahan kaya’t palugi ang kanilang pagtatanim dahil sa nababaon sa utang.

☐ 15. Inalisan ng taripa ang mga produktong agrikultural mula sa Tsina kaya maraming lokal na produkto ang itinatapon na lamang o kaya binebenta na palugi ang produkto.

BALIK-TANAW

Panuto: Isulat ang salitang "**SUPPLY"** sa patlang sa mga sumusunod na pahayag kung ito ay nakakapekto sa suplay. Isulat naman ang salitang **"DEMAND**" kung ito ay nakakaapekto sa demand.

_____ 1. Si Krist ay may-ari ng pagawaan ng tote bag. Dati ay mano-manong tinatahi ng kanyang mga mananahi ang kanilang produkto. Nakakagawa sila ng 100 tote bag sa isang linggo. Upang mapalaki lalo ang kita, bumili ng makinang panahi si Krist para sa kanyang mga mananahi at nakagagawa na sila ng 250 piraso ng tote bag sa isang linggo.

_____ 2. Si Tawan ay magsasaka sa Mindoro at ang kanyang lupain ay ginagamit sa pagsasaka. Buong lupain niya ay tinatamnan ng ibat-ibang pananim sa panahon ng pag-aani.

_____ 3. Naging sikat ang cosmetics na gamit ng artistang si Mild na ipanakilala niya sa kanyang vlog at ginawa itong Tiktok challenge. Maraming fans ang nagnanais bumili ng produktong cosmetics na gamit ni Mild.

_____ 4. Sa pagsimula ng mga "ber" months, maraming namimili ng mga gamit o damit dahil papalapit na ang pasko at bigayan na ng bonus sa karamihan sa mga manggagawa.

_____ 5. "Hindi ka mauubusan ng milk tea dahil sa dami ng mga tindahan o shops na nagbebenta nito hindi lamang sa mga mall" ani ni Win sa kanyang kaibigan na gustong-gusto mag *wintermelon milk tea.*

PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Kung ikaw ay isang negosyante, ano sa iyong palagay ang nakakaapekto sa iyong seribsyo o produkto?

1. Pagbabago ng Teknolohiya

Ang Teknolohiya bilang salik sa produksyon ay nakakaapekto rin sa dami ng maari nitong likhaing produkto. Karaniwan kapag maunlad at moderno ang teknolohiya ay mataas ang kalidad o mas maraming suplay ng produkto dahil mas makakatipid ito sa oras ng paggawa. Dahil dito, lalong mahihikayat ang mga prodyuser na dagdagan pa ang kanilang produktong isusuplay sa pamilihan.

Pinagkunan: Vieusonic. Technology in Factory https://tinyurl.com/y54dca4w on 06.30.20

Pinagkunan: Creative Commons. Industrial Worker Icons https://tinyurl.com/y36uerlb on 06.30.20

1. Pagbabago sa Halaga ng mga Salik sa Produksyon

Ang paggawa ng produkto ay nangangailangan ng iba't –ibang salik gaya ng lupa, pagagawa, capital at entrepreneurship. May di-tuwiran o di-direktang relasyon ang kabuuang gastos (production cost) sa pagkakaapekto nito sa suplay. Ang pagtaas ng presyo ng alinmang salik, mangangahulugan ito ng pagtaas sa kabuang gastos ng produksyon kaya maaring bumaba ang dami ng produkto o serbisyo na handa at kayang ipagbili ng mga prodyuser. Sa kabilang banda, ang pagbaba naman presyo ng alinmang salik ay nagdudulot din ng pagbaba ng kabuuang gastos sa produksyon kaya't iaasahan ang pagdami ng suplay.

2. Pagbabago sa Bilang ng mga magtitinda

Ang salik na ito ay mahahalintulad sa bandwagon effect sa demand. Kung ano ang mga nauusong produkto ay nahihikayat ang mga prodyuser ng mag prodyus at magtinda nito. And demand ay nag-uudyok sa mga *seller* na magprodyus. Halimbawa, dahil nauso ang pagtitinda ng ube pandesal , milktea, takoyaki, mas marami ang nahihikayat na mantinda ng kaparehong produkto.

Pinagkunan: Sugbo.ph. Popular Milktea brands in Philippines https://tinyurl.com/y2mps63q on

3. Pagbabago sa Presyo ng kaugnay na produkto

Ang mga pagbabago sa presyo ng isang produkto ay nakakaapekto sa quantity supplied ng mga produktong kaugnay nito. Halimbawa, ang mga magsasaka ay nagtatanim ng palay at mais. Sa panahon na mas mataas ang presyo ng mais, magaganyak siyang gamitin ang kabuuang lupa bilang taniman ng mais. Ito ay magdudulot ng pagbaba ng supply ng bigas at pagtaas ng supply ng mais.



Pinagkunan: FreeIMG. Corn. https://tinyurl.com/y3hlvf7z on 06.20.2020

P >

Pinagkunan: Creative commons. Rice. https://tinyurl.com/y2wkbacp on 06.20.2020

4. Ekspektasyon ng Presyo

Kung inaasahasan ng mga prodyuser na tataas ang presyo ng kanilang produkto sa madaling panahon, may mga magtatagpo ng produkto upang maibenta ito sa mas mataas na presyo sa hinaharap. Ang kondisyon ito ay tinatawag na Hoarding na nagbubunga ng pagbaba ng supply sa pamilihan.

Pinagkunan: Wikimedia commons. Panic buying . https://tinyurl.com/y5s4674q on 06.20.2020

Halimbawa, may paparating na bagyo na tatama sa Gitnang Luzon na isa sa mga pinagmulan ng supply ng bigas sa bansa. May ilang mapagsamantalang negosyante na magtatago ng kanilang supply dahil sa inaasahang pagtaas ng presyo ng produkto. Kapag nangyari na ang inaasahang pagtaas ng presyo ng bigas, muli nilang ilalabas sa pamilihan ang mga itinagong bigas. Ang *Cartel* o Kartel ay nakita sa pakikipagsabawatan ng mga malalaking negosyante (firms) upang higpitan ang suplay sa pamamagitan ng paghawak ng suplay ng produkto kaya nadidiktahan nito ang galaw ng presyo ng produkto.

Isang pang kondisyon sa pamilihan kung saan ang mga namimili naman bumibili ng higit sa pangangailangan dahil sa parating na kalamidad o kaya nakambang taas ng presyo ng bilihin. It ay tinatawag na *Panic Buying*. Nagdudulot ito ng pagtaas ng presyo at pagkakaroon ng kakapusan ng suplay ng produkto o shortage

5. Mga Batas, Buwis o mga polisiya ng gobyerno

Maaaring may manghimasok ang pamahalaan sa mga polisiya sa produksyon upang protektahan ang interest ng mamayanan. Bukod pa sa pagbubuwis na ipinapataw sa iba't-ibang hilaw na kasangkapan o pagbili ng teknolohiya, maari ding magtapaw ng buwis ang pamahalaan sa mga papasok na produkto upang makipagkompetisyon.

Repleksyon: Paano naging mahalaga ang mga sumusunod na salik para sa matalino pagpili ng mga supplier?

Pinagkunan: Pixabay. Income Tax https://tinyurl.com/y4zgmy8b on 06.20.2020

GAWAIN

SUPLAYAN MO!

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pahayag at tukuyinkung aling salik sa nakakaapekto sa suplay ang ipinapakita nito. Gamitin ang text box para sa mga salik at isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

A. Pagbabago ng Teknolohiya
B. Pagbabago sa Halaga ng mga Salik sa Produksyon
C. Pagbabago sa Bilang ng mga magtitinda
D. Pagbabago sa Presyo ng kaugnay na produkto
E. Ekspektasyon ng Presyo
F. Buwis at mga polisiya ng pamahalaan

____1. Bumili si Newwiee ng electronic mixer para sa kanyang online bakery business para hindi na niya manu-manuhin ang paghahalo ang mga sangkap para sa kanyang mga binebentang cake.

____ 2. Maraming mga consumer ang agarang namili ng kanilang mga esensyal na pangangailangan sa nakaambang pagpapatupag ng malawakang community quarantine sa NCR. Agaran rin tumugon ang mga industriya na suplayan ang mga pamilihan ng mga produktong pumapasok sa esensyal na pangangailangan tulad ng pagkain at mga personal na panlinis (sanitizers, sabon at disinfectant).

____3. Magagandang klase ng isda ang nahuhuli ng mga mangingisda sa pumapalaot sa Scarborough Shoal. Kadalasang napakamahal nito dahil sa layo ng pagpalaot ng mga bangkang pangisda at ipinilit na pumalaot sa mga malalawak nakatubigan na may kasulukuyang maritimong alitan sa Tsina.

____ 4. Hindi matatawaran lagi ang dami ng manininda ng street foods tulad ng kwek-kwek, fishball, proben, iscramble, buko atbp., Lagi natin ito nakikita sa kahit anong pampublikong lugar tulad ng simbahan, liwasan, tapat ng paaral at kahit sa mga mall

5. Mas pinipili ng ibang prodyuser sa mga probinsya sa Norte na magtanim muna ng bawang kaysa sa sibuyas. Nagdulot ito ng pagbaba ng suplay ng sibuyas at pagtaas ng suplay sa bawang.

Karagdagang Materyal para sa pag-aaral:
Flashcards para sa konsepto ng mga salik na nakakaapekto sa suplay
https://quizlet.com/28440611/7-determinants-of-supply-flash-cards/

PIC-TORYA

Panuto: Suriin ang mga sumusunod na larawan at magsalaysay ng maaring salik na nakaaapekto sa supply ang maaaring maganap sa larawan.

Halimbawa:

Pinagkunan: Manila Bulletin. Farming https://tinyurl.com/y3gms6ne on 06.20.2020

Ano ang nasa larawan?

Farm, Taniman ng gulay

Ang istorya:
Ang supplier ng gulay ay maaaring magtanim ng produktong agrikultural na napapanahon upang ma-*maximize* ang kita sa kanyang lupang tinatamnan. Sa ganitong paraan ay mas mapapalaki niya ang produksyong ng kanyang produkto. Sa pagdami ng kanyang produkto ay mas lalong lalaki ang potensyal na ipagbenta ang produkto.

Pinagkunan: Clipstation.com. Palengke https://tinyurl.com/y33l8e9m on 06.20.2020

1. Ano ang nasa larawan?

_____

_____

Ang istorya:

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

Pinagkunan: nicepng.com. Food Tin Cans https://tinyurl.com/y6ookjjxon 06.20.2020

Pinagkunan: Business Mirror Sardines https://tinyurl.com/y25ckqd2 on 06.20.2020

Pinagkunan: Abante. Presyon ng Sardinas tataas ng P1 - DTI https://tinyurl.com/y6go8ahv on 06.20.2020

2. Ano ang nasa larawan?

_____

Ang istorya:

_____
_____
_____
_____
_____
_____



Pinagkunan: Google. Typhoon https://tinyurl.com/yxfmdcg2 on

3. Ano ang nasa larawan?

_____
_____

Ang istorya:

_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____
_____

TANDAAN

Bakit mahalagang malaman ang mga salik na nakakaapekto sa suplay?

1. Magkakaugnay ang mga pagbabagong ito sa presyo sa pamilihan. Ang pagbabago ng salik ng suplay mula sa ng pagbabago ng kabuuang gastos sa produksyon. Ito ay nagreresulta pagtaas o pagbaba ng presyo ng produkto.
2. Nakakatulong sa matalinong pagpapasiya para sa mga prodyuser, negosyante at mamimili.
3. Nagkakaroon ng sapat na kahandaan sa dikta ng pamilihan at pag-uugali ng konsyumer.
4. Naiiwasan ang pagsasamantala ng mga ilang negosyante (kartel) lalo na sa panahod ng kalamidad at kagipitan.
5. Nagtataguyod ng kabutihang panlahat pagdating sa distribusyon ng mga esensyal na produkto at serbisyo (Pag-iwas sa pagho-hoarding o panic buying na nagdudulot ng kakapusan o *shortage* sa panahon ng kalamidad)
6. Matutugunan ang mga kakulangan at mapaunlad and salik ng produksyon ng mga esensyal na produkto tulad ng pagkain.

PAG-ALAM SA NATUTUHAN

Text Analysis:

Panuto: Basahin ang mga piling sipi mula sa likhang opinyon ni Mark Christopher Viuda, bilang anak ng magsasaka sa kasulukuyang kalagayan ng pagsasaka sa ating bansa.

Ang Magsasaka: Salamin ng kasipagan – at ng kahirapan

"Sagana sa yaman ang lupa ng Pilipinas. Ang sektor ng pagsasaka, pati na ang pamamalakaya, ang sumusustena sa pagkain ng malaking populasyon ng bansa. Mabubungkal ang katotohanang kung sino pa ang nagtatanim ng ating makakain ay sila pa ang kadalasang nakabaon sa kahirapan. Gayumpaman, hindi ako naniniwalang tamad ang mga taong ito kaya sila mahirap. Sabihin nang mahirap lang kami, ngunit hindi

"Masasabi kong hindi biro ang magsaka – ang yumuko maghapon, ang magbanat ng buto, ang umasa sa ulan habang natutuyot ang bulsa sa kakapatubig (mahal na krudo), habang wala nang masalok na salapi dahil naipambayad na ang kita sa mga utang, sa ospital noong nagkasakit ang isang kapamilya at sa paaralan; ang maging tagatanim ng mga kapitalista; ang kinakaya-kayanan lang ng mga nasa tuktok dahil sa kakayahan nilang kontrolin ang presyo ng mga produktong agrikultural; ang maging salamin ng kasipagan, ngunit sa huli ay salamin pa rin ng kahirapan."

Kung masaklap na ang balewalain sila, ano pa kaya ang paslangin sila? Sa Negros Oriental, naglabas ng magkakahiwalay na search warrant ang mga kinauukulan upang samsamin ang mga ilegal umanong armas sa panig ng mga sinasabing kumunista roon. Magsasaka ang mga sinasabing kumunista. Pinagbabaril ang 14 na magsasaka kaya sila umani ng bala, hindi ng bigas. Alalahanin din ang mga karumaldumal na pagpatay sa mga magbubukid dahil sa walang katapusang away sa lupa. Ang marahas na girian sa Hacienda Luisita.

Hindi naman maitatangi ang mga panganib na dala ng mga land developer sa kabuhayan ng mga magsasaka. Dahil sa pag-convert nila sa mga lupang sakahan bilang mga komersiyal na espasyo at subdibisyon, nawawalan ng masaganang lupang mapagtatamnan. Saan na lang pupulutin ang mga obrero o manggagawa sa bukid na umaasa lang sa pakikisaka?

Naibalita rin ang pagkalugi ng mga maggugulay sa mga bulubunduking sakahan sa Benguet, dahil sa oversupply. Naibalita rin ang pagkalugi ng maraming magsisibuyas sa mga sibuyasan sa Nueva Ecija. Napilitan ang mga magsisibuyas na magbagsak-presyo, dahil sa sapilitang pagsasara ng mga sinasabing cold storage facility doon. Sinasabing lumuluha na raw ang mga magsisibuyas dahil literal na raw na nakakaiyak ang sibuyas sa Pilipinas – hindi na kailangang gayatin pa para may tumangis. Hindi rin nalalayo ang naging hinaing ng isang netizen sa social media matapos itong mag-post ng larawan ng sandamakmak na kalabasa, na inilako niya sa pinakamurang halaga: 6 pesos per kilo!

Sa nilagdaang Rice Tarification Law, tinatanggal ng batas ang restriksiyon sa importasyon ng bigas, na inaasahang magpapataas sa supply ng bigas at magpapababa naman sa presyo nito. Sa batas, papatawan ng tariff (buwis para sa mga import) ang mga angkat na bigas. Ang malilikom na buwis ay sinasabing para sa kapakanan din ng mga magsasaka.

Video Analysis:

Panuto: Panuorin ang maikling dokyumentaryo ng Reporter's Notebook at Brigada tungkol sa sitwasyon ng mga magsasaka sa ilalim ng bagong ipinasang batas na Rice Tarrification Bill Law noong 2019. At sagutin ang mga gabay na tanong sa ibaba.

Pinagkunan: GMA Public Affairs. "Reporter's Notebook: Huling Ani" Youtube video, 10:39. September 26, 2019. https://www.youtube.com/watch?v=UpvW0UntErY

Pinagkunan: GMA Public Affairs. "Brigada: Ilang magsasaka, napaaray sa Rice Tariffication Law!" Youtube video, 13:31. September 25, 2019. https://www.youtube.com/watch?v=mJTgcmNNH7U

Alternatibong Gawain:

Maaring basahin ang buong teksto sa link na ito:
https://rappler.com/voices/ispeak/magsasaka-kasipagan-kahirapan

Mga Gabay na Tanong para sa Text o Video Analysis

1. Tungkol saan ang nabasang teksto o napanood na bidyo?
2. Ano-ano ang mga nakita ninyong salik na nakakaapekto sa pagsusuplay ng bigas? Ipaliwanag ang bawat salik na napanood.
3. Ano ang kahalagahan ng mga batas at suporta ng pamahalaan upang protektahan ang pagsuplay ng bigas sa bansa?
4. Paano nakatulong ba ang iyong nabasang teksto o napanuod na bidyo upang higit na maunawaan ang kalagayan ng magsasaka sa pagproprodyus ng bigas para sa bansa? Ano ang iyong mungkahi?

PANG-WAKAS NA PAGSUSULIT

RELATE-NEWS

Panuto: Pumili ng balita na inyong nabasa o napanuod, na sa iyong palagay ay nakakaapekto sa suplay ng produkto at serbisyo. Ipaliwanag at tukuyin kung anong salik ito. Gawin ito sa sagutang papel at gawing gabay ang tsart at pamantayan sa pagpapaliwanag.

Buod ng Balita	Paliwanag kung bakit naapaektuhan ang suplay	Salik na nakakaapekto sa suplay
1.		
2.		
3.		

Pamantayan sa Pagpapaliwanag:

Pamantayan	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Nalilinang (2)	Nagsisimula (1)
Ang paliwanag ay: a. Maiuugnay nang tuwiran ang paksa b. Malinaw na ipinahayag ang paliwanag o buo ang diwa c. Maipapakita ang kaalaman sa paksa at matutukoy kung ano ang salik nito d. Sumunod sa wastong pagbabantas,balarila at iba pa.	Nagpamalas ng 4 mula sa 4 na pamantayan	Nagpamalas ng 3 mula sa 4 na pamantayan	Nagpamalas ng 2 mula sa 4 na pamantayan	Nagpamalas ng 1 mula sa 4 na pamantayan

Sanggunian

Aklat

Ban, C. B., & Bon, R.B., Ekonomiks sa Makabagong Panahon, JO-ES Publishing House, Inc.

Consuelo, I. et al, Kayamanan: Ekonomiks (Rex Publishing, 2015) p.159-162

Jones, B. & Steven, D., The New Politics of Strategic Resources: Energy and Food Security Challenges in the 21st Century (Brookings Institution Press, 2015) p. 12.

Modyul

Ekonomiks Araling Panlipunan 9 Module (Department of Education, 2015) p.141-147

Flores, M.E.L, Supply and Theory of Production Microeconomics (College of Eucation, Polytechnic University of the Philippines, 2019) p. 42-46

Website

"Kahulugan ng Cartel" mula sa https://www.economicshelp.org/blog/glossary/cartels

"Ang Magsasaka: Salamin ng kasipagan – at ng kahirapan" mula sa https://rappler.com/voices/ispeak/magsasaka-kasipagan-kahirapan

Susi sa Pagwawasto:

Balik tanaw

1. SUPPLY,2. SUPPLY,3. DEMAND,4. DEMAND,5. SUPPLY

Gaw ain: Suplayan mo

1. A, 2. E, 3. B,4. C,5. D

Pagsubok

1. ,2. √,3. √,4. ,5. √,6. √,7. ,8. ,9. √, 10. √, 11. ,12. √, 13. √, 14. √, 15. √